Pangalan: Arafat Alo Habib Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Makahulugang Paghahanapbuhay
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Ang Islam ay isang ganap na pamamaraan ng pamumuhay na ang tanging layunin ay pawang kabutihan para sa kaayusan at katiwasayan ng buhay ng bawat isa. Ngunit isang pagsubok sa ating mga Muslim kung paano natin mapananatili ang ganitong hangarin, lalo na sa panahon ng kahirapan. Dito sa ating bansa, hindi natin maikakaila ang katotohanan na tayo ay apektado sa pagkakaroon ng sunod-sunod na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at ang paglipana ng mga makabagong pamamaraan ng pakikipagkalakaran lalo sa mga social media.

ISA IBN MARYAM INC

Ang kahirapang dinaranas ng isang bansa ay nagiging oportunidad para sa ibang tao upang pagkakitaaan ang kanilang kapwa, lalo na ngayong panahon ng mga makabagong teknolohiya. Napakaraming deskarting panloloko at pananamantala sa kapwa nilang tao na naghahangad ng kaginhawahan. Bilang isang Muslim na nais magkaroon ng saganang pamumuhay, maabot ang pangarap sa buhay, mabili ang mga ninanais sa buhay, ay nararapat magkaroon ng gabay sa pamamaraang Islam. Kaya lubhang napakahalaga ang

pagsasaliksik ng kaalaman tungkol sa paghahanap buhay ayon sa katuruan ng Islam upang maiwasan nating magkasala kay Allah. Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

إِنَّ اللهَ تَعَالَى طَيِّبٌ لَا يَقْبَلُ إِلَّا طَيِّبًا.

“Tunay na si Allah ay dalisay, wala Siyang tinatanggap maliban sa dalisay.” (Inulat ni Muslim)

At si Allah ay nag-utos sa mga mananampalataya na gawin ang Kanyang ipinag-utos sa mga Sugo. Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

وإِنَّ اللَّهَ أَمَرَ الْمُؤْمِنِينَ بما أَمَرَ به الْمُرْسَلِينَ، فقالَ: { يَا أَيُّهَا الرُّسُلُ كُلُوا مِنَ الطَّيِّبَاتِ وَاعْمَلُوا صَالِحًا إِنِّي بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ } سورة المؤمنون: 51، وقالَ: { يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُلُوا مِنْ طَيِّبَاتِ مَا رَزَقْنَاكُمْ } سورة البقرة: 172

“At tunay na si Allah ay nag-utos sa mga mananampalataya ng katulad ng Kanyang ipinag-utos sa mga Sugo, Siya ay nagsabi: 'O kayong mga Sugo, magsikain kayo mula sa mga dalisay na pagkain at magsigawa kayo ng mga gawaing matuwid.’ Siya rin ay nagsabi: 'O kayong mga naniwala, magsikain kayo mula sa mga dalisay na pagkain na Aming ipinagkaloob sa inyo.'”

Kasunod nito, binanggit ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang hinggil sa panalangin ng isang taong ang kanyang hanap-buhay ay nagmumula sa haram. Siya ay nagsabi,

ثُمَّ ذَكَرَ الرَّجُلَ يُطِيلُ السَّفَرَ أَشْعَثَ أَغْبَرَ، يَمُدُّ يَدَيْهِ إِلَى السَّمَاءِ، يَا رَبِّ يَا رَبِّ، وَمَطْعَمُهُ حَرَامٌ، وَمَشْرَبُهُ حَرَامٌ، وَمَلْبَسُهُ حَرَامٌ، وَغُذِّيَ بِالْحَرَامِ، فَأَنَّى يُسْتَجَابُ لَهُ؟ (رواه مسلم)

“Pagkatapos ay kanyang binanggit ang (tungkol sa) lalaking malayo ang nilalakbay, na gusot-gusot ang buhok na maalikabok, kanyang itinataas ang kanyang mga kamay sa langit (habang siya ay nagsasabi), O Panginoon! O Panginoon! Gayong ang kanyang pagkain ay haram, ang kanyang inumin ay haram, ang kanyang damit ay haram, at pinapakain (binusog) ng haram; kaya't paano siya didinggin?" (Inulat ni Muslim)

Ang dalisay na paghahanap buhay ay halal at kalugod-lugod kay Allah habang ang kasalungat nito ay haram, walang barakah at kinamumuhian ni Allah ang taong gumagawa nito. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

مَنْ جَمَعَ مَالًا حَرَامًا ثُمَّ تَصَدَّقَ بِهِ لَمْ يَكُنْ لَهُ فِيهِ أَجْرٌ ، وَكَانَ إِصْرُهُ عَلَيْهِ. (أخرجه ابن حبان وحسنه الألباني في صحيح الترغيب)

“Sinuman ang mag-ipon ng haram na kayamanan at pagkatapos ay magbigay ng kawanggawa mula rito, siya ay hindi gagantimpalaan at magiging makasalanan. (Inulat ni Ibn Hibban)

Sa paghahanap buhay ay kinakailangang panatilihin ang pagiging patas at makatarungan sa bawat isa tulad ng ating Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na tinaguriang ‘Al-Ameen” o ‘ang mapagkakatiwalaan’ nang dahil sa kanyang pagiging makatarungan at mapagkakatiwalaan sa lahat ng bagay lalo sa kanyang pakikipagkalakaran sa mga tao; ni minsan ay hindi siya nakitaan ng kasinungalingan.

Kaya bilang pagpapahalaga natin sa ating kabilang-buhay, nararapat na ating pag-aralan nang mabuti ang hanap-buhay na nais nating pasukin sapagkat nagsikalat na sa kasalukuyan ang mga masasama at maduduming sistema sa mga pamilihan na sa pag-aakala ng ilan sa mga Muslim ay halal gaya ng online gambling, network marketing, riba, hoarding o pag-iimbak ng produkto pagkatapos ay itatago at ilalabas lamang kung tumaas ang presyo nito, at haram insurance system na mas lalong nagpapahirap sa mga tao, at iba pa. Ugaliin natin ang palagiang pagsangguni sa mga ‘Ulama hinggil sa mga makabagong pamamaraan at uri ng pakikipagkalakaran upang tayo ay makatiyak na ang ating hanap-buhay ay halal.

Kapatid! Hindi dahil makakaahon ka sa kahirapan o yayaman ka sa mga haram na sistemang iyon ay agad mo itong papasukin. Alalahanin natin na ang kabilang-buhay ay mas mahalaga kaysa sa panandaliang kahirapan na ating dinaranas sa Mundong ibabaw. Sapagkat ang paghihirap sa kabilang-buhay ay hindi maihahalintulad sa paghihirap sa Mundong ito. Ang sabi ni Allah:

﴿ يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَأْكُلُوٓا۟ أَمْوَٰلَكُم بَيْنَكُم بِٱلْبَـٰطِلِ إِلَّآ أَن تَكُونَ تِجَـٰرَةً عَن تَرَاضٍۢ مِّنكُمْ ۚ وَلَا تَقْتُلُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًۭا ﴾ سورة النساء: 29

“O kayong mga naniwala! Huwag ninyong kainin (waldasin o ubusin ng ilan sa inyo) ang ari-arian ng iba ng walang kapararakan (di- makatarungan at nasa ilalim ng maling karangyaan), datapuwa't (sa makatarungang) pangangalakal lamang sa pamamagitan ng magkapanabay na pahintulot, at huwag ninyong papatayin ang inyong mga sarili, katotohanang si Allah sa inyo ay Pinakamaawain! (Surah Al-Nisa:29)

﴿ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ عُدْوَٰنًۭا وَظُلْمًۭا فَسَوْفَ نُصْلِيهِ نَارًۭا ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴾ سورة النساء: 30

“At sinuman ang gumawa nito (alalaong baga, ang mga nabanggit sa unahan na ipinagbabawal) sa pagmamalabis at kawalang-katarungan, siya ay Aming ihahagis (ibubulid) sa Apoy, at ito ay magaan lamang kay Allah. (Surah Al-Nisa:30)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Ang paghahangad ng kadalisayan ng hanapbuhay ay kalugod-lugod kay Allah kaya nararapat ang pagpapanatili nito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabuting intensyon, pagpili ng wasto at halal na trabaho, produkto at sistemang pangkabuhayan, pag-iwas sa mga haram, pagiging tapat at pagkakaroon ng malinaw na mga transaksyon, regular na pagbibigay ng Zakah sapagkat ito ay rin ay nagdadalisay sa ating mga kinikita at kayamanan.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***